**ARALIN 2.6**

## TEKSTONG ARGUMENTATIBO

**BILANG NG SESYON: 4**

**LAYUNIN**

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakikilala ang tekstong nasa anyong argumentatibo
2. Layuning manghikayat sa pamamagitan ng pangangatwiran batay sa katotohanan
3. Naipagtanggol ng manunulat ang paksa o pagbibigay ng kasalungat laban sa nauna gamit ang mga ebidensya
4. Nasusuri ang tekstong ginamitan ng mga panandang diskursal

**TEKSTONG ARGUMENTATIBO**

- naglalahad ng mga paniniwala, pagkukuro, pagbibigay ng pananaw kaugnay sa paksang pinag-uusapan
- ang tekstong argumentatibo ay karaniwang sumsagot sa tanong na BAKIT?
- tekstong naglalayong tanggapin ng mambabasa ang mga argumento sa pamamagitan ng pangangatuwiran
- tekstong naglalahad ng mga patunay kaugnay sa isyung pinag-uusapan

**Subukan mong gawin!**

Basahin mo nang mabuti ang mga kontrobersyal na pahayag ng mga sikat na personalidad na nasa ibaba. Ilahad ang iyong opinyon o saloobin hinggil sa mga naturang pahayag.

*a.* Religion is the opium of the masses. *Karl Max*

*b.* Woman was God's second mistakes. *Friedrich Nietche*

*c.* The end justifies the end. *Niccolo Michiavelli*

**Mga bahagi ng tekstong argumentatibo**

Mayroong mahahalagang bahagi ang tesktong argumentatibo tulad din ng ibang pormal na sulatin, bawat bahagi nito ay magkakaugnay upang higit na maging matibay ang pangangatuwiran. Panimula, Gitna o katawan, konklusyon

e. **Panimula.**

Kinakailangan ang panimula ay mapanghikayat, nilalahad dito ang tesis statement kung saan binabanggit ng manunulat ang pangunahing paksang tatalakayin.

f. **Gitna o Katawan**

Inilalahad sa bahaging ito ang mga opinyon o pananaw ng manunulat kaugnay sa paksang tinatalakay, inihahanay ng batay sa mga datos na ilalahad, mahalagang malawak ang kaalaman ng manunulat sa paksang tinatalakay.

g. **Konklusyon**

Inilalatag ng sumulat ang kanyang kabuuang pananaw ukol sa pinag-uusapang paksa, kinakailangan maging matibay ang konklsyong binuo ng manunulat na nakabatay sa mga nabanggit na datos sa katawan ng teksto.

**Halimbawa:**

**Editoryal | Si Marcos at ang ilusyon ng pag-unlad**

by Pinoy Weekly

Iisa ang tono ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. tuwing nababanggit ang kanyang tatay na si Ferdinand Marcos na pinatalsik sa Malakanyang sa unang People Power sa EDSA: Kung hindi nagkaroon ng EDSA People Power, maunlad na sana ang Pilipinas.

PW-editoryal -thumbTila sinasabi niyang pagkakamali ang EDSA People Power kung kaya nananatili ang krisis dito sa bansa. Tila walang kasalanan ang administrasyon ng kanyang ama sa kahirapan na nararanasan ng mga mamamayan sa ilalim ng administrasyon nito noon.

Mas maunlad daw noon ang Pilipinas kumpara sa kalagayan ngayon. Kahit na ihambing umano ang Pilipinas sa iba pang bansa sa Asya, di hamak na nangunguna raw ito. Sa madaling sabi, maunlad noon ang Pilipinas at dahil ito sa kanyang ama.

Kung may isang kakambal na pangalan ngayon ang mga Marcos, iyun ay ang Martial Law ang deklerasyon na kumitil ng hindi lamang ng demokrasya sa bansa kundi maging ang pinakamagigiting at pinakamahuhusay na anak ng bayan). Ito ang idineklara ni Marcos para umano makontrol ang bansa para magkaroon ng "kaayusan" at sumulong ang ekonomiya ng bansa.

Pero nakakalimutan yata ni Bongbong na isang planadong krimen ang Martial Law para mapanatili ang kapangyarihan ng kanyang ama sa puwesto tulad ng inamin ni Juan Ponce Enrile, isa sa mga arkitekto nito.

Totoong matindi ang kahirapan na nararanasan ng bansa ngayon sa ilalim ni Aquino (at iba pang rehimeng nagdaan). Pero hindi ibig sabihin di na matindi ang kahirapang nararanasan noon ng mga Pilipino sa ilalim ni Marcos.

Mula noong panahon ni Marcos (o bago pa man), isa nang tatsulok ang lipunang Pilipino na nasa itaas ang naghaharing mga uri, at iilan lamang na pamilya ang nakikinabang. Ganito pa rin ang lipunan ngayon, dahil wala naman talagang tunay o makabuluhang pagbabagong ginagawa ang mga pulitikong nakaupo mula pa nang likhain ng Estados Unidos ang paggogobyerno sa Pilipinas batay sa kanilang interes.

Wala sa mga nakaupo sa puwesto ang makakagawa na ipamahagi nang libre ang lupa sa mga magsasaka. Wala sa kanila ang magbibigay ng nakabubuhay na sahod sa mga manggagawa at ipatitigil ang kontraktuwalisasyon. Wala sa kanila ang pangungunahan ang industriyalisasyon sa bansa. At wala sa kanila ang titindig laban sa panghihimasok ng ibang bansa gaya ng Estados Unidos (at kahit pa Tsina).

Labag ang lahat nang ito sa interes at batas ng mga naghaharing uri na nakaupo sa puwesto. Nakailang eleksiyon na ang mga Pilipino, pero nananatiling dominante ng mga pamilyang ito ang eleksiyon sa Pilipinas. Wala silang lilikhaing batas na labag sa interes ng mga asyendero at mga kapitalista.

May Marcos o wala na nakaupo sa bansa, o may Martial Law man o wala, hinding hindi tunay na uunlad ang Pilipinas at mga mamamayan nito habang nananatiling nakadisenyo ang gobyerno para mapanatili ang mga naghaharing uri sa kanilang puwesto at panatilihin ang ganitong sistema na sila lang ang nakikinabang.

Desperasyon na marahil ng ibang mga Pilipino ang pagkakaroon ng Martial Law o kamay na bakal tulad ng mga itinotono ng mga pulitikong tumatakbo para umano umayos at umunlad ang bansa. Ipapangako ng mga pulitiko ang lahat para manalo. Pero alam na ng marami na hindi ito magkakatotoo. Dahil kung may tunay na pagbabago na magkakatotoo at makabubuti sa ordinaryong mga tao, hindi ito manggagaling sa mga kandidato.

Napatunayan ng mga pag-aalsa, mula panahon ng kolonyalismong Espanyol, hanggang First Quarter Storm ng 1970, hanggang sa EDSA noong 1986 na nagkakaisang mga mamamayan ang nagtutulak ng pagbabago.

**Pangangatwiran**

- Isang anyo ng pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katangap-tanggap o kapani-paniwala.
- Layunin nitong bigyang-paliwanag ang paksa,at maipakilalang mabuti ang paartikular na bagay na tinatalakay sa pamamagitan ng mga pruweba at patunay.
- Sa pangangatwiran, ang katotohanan ay pinagtitibay o pinatutunayan sa pamamagitan ng katwiran o rason.
- ito ay sining sa paggamit ng wasto, angkop at magandang pananalita na nakatutulong upang mahikayat na pakinggan,tanggapin at paniwalaan ang pangangatwiran.
- Prinsipyo ng ornaginsasyong pangkabatiran sa pamamaraang may pinagaralan ang idinudulog nito sa mambabasa, may dalwang batayang istruktura na sinusunod: *1) isang pahayag na mapagtatalunan, at 2) ang katibayang pansuporta sa binigyang-linaw na prosisyon sa pamamagitan ng pagrarason base sa mga patunay sa lohikang sanhi at bunga.*

***Halimbawa:***

Mabigat. Mahirap ngunit kapag alam nating tayo ay tapat at seryoso, masasabi nating masarap ang magmahal at ang mahalin. May mga pagkakataon sa ating buhay na naranasan na nating magmahal at masaktan kapag tayo ay "inlove" sa isang tao. Minsan pa nga'y kapag masyado tayong nasaktan o na-heartbroken ay halos isumpa na natin ang mismong taong nanakit sa atin. Ngunit lagi nating tandaan na kapag dumating ang panahong maranasan natin ang bagay na iyon, ito ay para sa ikabubuti natin, plano ng Diyos dahil alam niya kung sino talaga ang nararapat sa pagmamahal na ibinibigay natin. Madaling malaman kapag ang isang tao ay "inlove", andyan 'yong tinutubuan ka ng madaming pimples dahil hindi ka matulog tuwing gabi dahil sa kakaisip o baka naman kasi katext mo siya, 'yong pakiramdam na nababanggit mo 'yong pangalan niya kahit di mo naman siya kasama o kausap, napapangiti ka ng walang dahilan kaya minsan napagkakamalan ka ng baliw o wala sa katinuan, 'yong pakiramdam na abot hanggang tainga ang ngiti mo kapag nababasa mo 'yong pangalan niya sa inbox mo at syempre 'yong pakiramdam na nagkakatinginan kayo sa isa't-isa, kunwari ka pang lilihis ng tingin pero maya-maya ay sumusulyap ka ulit. Totoong masarap ang mainlove sa isang tao lalo na kung alam mong may pagtingin din siya sayo, sabi nga ng iba "Cloud999999" dahil pakiramdam mo daw ay nasa langit ka, ngunit sa kabilang banda, mabigat ang kapalit nito kapag tayo naman ay nasaktan. Iba-iba kasi ang pag-uugali ng tao, mayroong mga taong grabe kung magmahal, 'yong tipong sa iisang tao lang umiikot ang kanyang mundo, mayroon din namang ginagawa lang laro ang pagmamahal, at mayroon din namang seryosohan at ginagawa lang inspirasyon ang pagmamahal. Sabi nila, mas matindi daw mainlove ang mga lalaki kaysa sa mga babae.

Ang mga babae kasi pag nainlove ay halos tumalon na sa sobrang kilig, hampas ng katabi, at "pabebe-effect" o parang sanggol kung umarte samantalang ang mga lalaki naman daw ay tahimik lang pero grabe kung mainlove, tuwang tuwa daw sila kaso ayaw nilang ipahalata baka daw kasi kung anong isipin ng iba kung magsisitalon din sila. Ang pagkakaroon ng boyfriend/girlfriend ay hindi naman masama basta't alam natin ang limitasyon ng isa't-isa. Sapat na ang isa hanggang dalawang pagkikita sa isang linggo kung maaari at dapat kayo ay "legal" sa inyong mga magulang. Lahat ng ito'y nagsisimula sa pagiging inlove natin sa isang tao, 'yong tipong nagpapapansin tayo sa kanila kahit di man lang nila tayo napapansin halimbawa na lang diyan iyong dadaan ka sa harap nila pero wala namang nangyayari, nagpapaimpress kahit di naman sila naiimpress, at minsan, dahil baliktad na ang mundo ngayon, babae na ang mismong lumalapit sa mga lalaki.

Hindi naman masama ang mainlove, sa katunayan pa nga, kapag tayo ay inlove ay mas lalo tayong nagiging blooming at naiinspired gumawa ng mga magagandang bagay. Lagi lang nating tandaan na lahat ng bagay ay may limitasyon. Pagdating sa pagmamahal, dapat tanggap niyo ang isa'tisa kung anumang pangit sa kanya ay dapat tanggap mo kung totoong mahal mo siya .Sa pag-ibig, di mahalaga ang nakaraan kundi ang kasalukuyan. Mas

matimbang ang karanasan kaysa sa sakit na pinagdaanan. Ang tanging magpapatatag dito ay kapatawaran at hindi ang pagsumbat sa kasalanan. Bago tayo pumasok sa isang relasyon, isipin muna natin ng maiigi, para sa huli, walang pagsisising magaganap.

*Dalawang bagay na dapat isaalang-alang para maging matagumpay ang Argumentasyon*

**Matibay na paniniwala-** *Ang kaisipang ito ay nagmumula sa pagkakaroon ng isang tao na malinaw na pag-iisip na maipamalas niya sa pagbuo na mahusay na argumento upang magawa niyang umapila sa isipan ng tao.*

**Mahatak na Panghikayat-** *Ang kaisipang ito ay nakatuon sa damdamin ng manunulat sa kanyang pinaninindigang argumento na kanya namang maipapamalas sa kanyang argumento upang mapukaw ang damdamin ng mambabasa.*

**Uri ng Maling Pangangatwiran (Bernales, et al. 2006)**

**Argumentum Ad Hominem**

- Isang nakakahiyang pag-atake sa personal na katangian/katayuan ng katalo at hindi sa isyung tinatalakay o pinagtatalunan

***Halimbawa:***

*Ano ang mapapala ninyong iboto ang aking katunggali gayong hindi siya naging pinuno ng kanyang klase o ng kanyang barangay kaya? Balita ko'y under de saya pa yata!*

**Argumentum Ad Baculum**

- Pwersa o awtoridad ang gamit upang maiwasan ang isyu at tuloy maiplano ang argumento.

***Halimbawa:***

*Tumigil ka sa sinasabi mo! Anak lang kita at wala kang karapatang magsalita sa akin nang ganyan! Baka sampalin kita at ang makita mo ang hinahanap mo!*

**Argumentum Ad Misericordiam**

- Upang makamit ang awa at pagkampi ng mga nakikinig/bumabasa, ginagamit ito sa paraang pumipili ng mga salitang umaatake sa damdamin at hindi sa kaisipan.

***Halimbawa:***

*Limusan natin ang mga kapuspalad na taong ito sa lansangan. Hindi ba natin nakikita ang marurumi nilang damit, payat na pangangatawan at nanlalalim na mga mata? Ano na lamang ba ang magbigay ng ilang limos bilang pantawid-gutom?*

**Non Sequitur**

- Sa ingles ibig sabihin nito ay **It doesn't follow.** Pagbibigay ito ng konklusyon sa kabila ng mga walang kaugnayang batayan.

***Halimbawa:***

*Ang santol ay hindi magbubunga ng manga. Masamang pamilya ang pinagmulan niya. magulong paligid ang kanyang nilakhan. ano pa ang aasahan mo sa ganyang uri ng tao kundi kawalang-hiyaan!*

**Ignoratio Elenchi**

- Gamitin ito ng mga Pilipino lalo na sa mga usapang barberya, wika nga. Ito ay kilala sa ingles na Circular reasoning o paliguy-ligoy.

***Halimbawa:***

*Anumang bagay na magpapatunay sa aking pagkatao ay maipapaliwanag ng aking butihing maybahay. Tiyak ko namang paniniwalaan ninyo siya sapagkat naging mabuti siyang ina ng aking mga anak, kahit tanungin pa ninyo sa ngayon.*

**Dilemma**

- Naghahandog lamang ng dalawang opsyon/pagpipilian na para bang iyon lamang at wala nang iba pang alternatibo

***Halimbawa:***

*Upang hindi ka mapahiya sa paligsahan sa talumpatian ganito na lamang gawin mo: huwag ka nang pumunta at sa bihin mo sa iyong guro na masama ang iyong pakiramdam*

**Maling Paglalahat**

- Dahil lamang sa ilang aytem/sitwasyon, nagbibigay na agad ng isang konklusyong sumasaklaw sa pangkalahatan.

***Halimbawa:***

*Isang mag-aaral ng ADM ang nanakit ng kapawa nya mag-aaral, habang ang isa naman ay nangikil ng piso sa mas batang mag-aaral, ay naku kahit kailan talaga mga pasaway ang mag-aaral ng ADM.* **Maling Paghahambing**

- Karaniwang tinatawag na usapang lasing ang ganitong uri dahil mayroon ngang hambingan ngunit sumasala naman sa matinong konklusyon.

***Halimbawa:***

*(sagot ng anak sa ina) Bakit ninyo ako patutulugin agad? kung kayo nga ay gising pa!*

**Uri ng Pangangatwiran**

**1. PANGANGATWIRANG PABUOD (INDUCTIVE REASONING)**

- Nagsisimula sa maliit na katotohanan tungo sa isang paglalahat o pagbubuod ng isang pangangatwiran, ito ay nahahati sa tatlong bahagi.

**a. Pangangatwirang gumagamit ng pagtutulad.**

Inilalahad dito at sinusuri ang katangian at pinalulutang ang katotohanan. Ang ganitong paglalahat ay maituturing na panasamantala lamang at maaring mapasinungalingan, maaring maging magatulad sa ibang aspeto at maaring magkaiba naman ibang katangian.

**Halimbawa:**
Magsimula tayo ng isang kooperatiba sa ating paaralan sapagkat ang ibang mga paaralan ay may kooperatiba na at malaki ang nagiging pakinabang nito sa bawat miyembro.

**b. Pangangtwiran sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pangyayari sa sanhi.**

kinakatigan nito ang paniniwalang may sanhi kung kaya nagana pang isang pangayyari.

**Halimbawa:**
Ang ilan sa mga nagtapos sa kursong pagkaguro ay hindi pumasa sa pagsusulit sa, sapagkat hindi sila dumaan sa sa review class.

**c. Pangangatwiran sa pamamagitan ng katibayan at pagpapatunay.**

Nilalangkapan ito ng mga katibayan o mga datos na magsisilbing ebidensya na higit na magbibigay patunay sa pinag-uusapang paksa.

**Halimbawa:**
Natuklasang si Diego ang salarin sapagkat ang kanyang *finger print* ay nakita sa mga gamit na nakuha sa katawan ng biktima.

**PANGANGATWIRANG PASAKLAW (DEDUCTIVE REASONING)**

Isang proseso kung saan ang paglalahad ng pangangatwiran ay nakabatay sa mga nailahad na premises na pinaniniwalaang totoo. Ang *silohism*o na siyang tawag sa ganitong pangangatwiran ay bumubuo ng isang pangungunahing batayan, pangalawang batayan at isang kabuuang konklusyon. isang payak na pagbabalangkas ng pangangatwiran ang silohismo, sinsalungat nito ang pangangatwirang induktibo.

**Halimbawa:**
Ang bawat nilalang sa mundo kabilang ang tao ay nilikha ng Diyos na kanyang kalarawan, samakatuwid anng bawat pulubi at taong grasya iyong makasasalubong at hihingi ng makakain ay nilikha ng Diyos.

**Komponent ng Epektibong Tekstong Argumetatibo**

1. **Tesis na Pahayag –** naglalaman ng puntong nais ipabatid ng manunulat
2. **Suportang detalye –** katawang bahagi ng teksto, inilalahad ang mga suportang detalye na magpapaliwanag sa tesis na pahayag.
3. **Dokumenatasyon** - mga patunay o ebidensyang panghahawakan ng manunulat na magpapaliwanag sa paksang tinatalakay.
4. **Kontra- argumento –** sa pagbibigay halaga sa isang paninindigan makatutulong sa pagpapatibay sa isang argumento ang pagpapahina ng iba.
5. **Konklusyon –** magiging daan ng manunulat upanng wakasan ang argumentasyon at daan upang hikayatin ang mambabasa na bumuo ng knailang sariling pananaw.




Tandaan mo na ang tekstong argumentativ ay maaaring naglalaman ng mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng pagsang-ayon at pagsalungat. Maliwanag na inilalahad ang isyu at ang paninindigan sa isyu ng awtor at kanyang mga argumento.

**Gramatika ( Panandang Diskursal)**

- Nakatutulong sa pagbibigay-linaw at ayos ng pahayag
- maaring maghudyat ng pagkakasunos-sunod ng mga pangyayari
- maaring gamitin upang ipakita ang pagbabago ng paksa, pagtiyak, pagbibigay-halimbawa, opinion at paglalahat.

**Mga Panandang naghuhudyat ng Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari sa bandang huli**

- nang sumunod na araw
- sa dakong huli
- pagkatapos

**Mga Panandang Naghuhudyat ng Pagkakabuo ng Diskurso**

**A. PAGBABAGONG-LAHAD**

- kung tutuosin
- sa ganang akin
- sa ibang salita
- kung iisipin

**B. PAGTITIYAK**

- kagaya ng
- tulad ng

**C. PAGHAHALIMBAWA**

- Halimbawa
- sa pamamagitan
- isang magandang halimbawa ay

**D. PAGLALAHAT**

- sa madaling sabi
- bilang pagatatapos
- bilang paglalahat

**E. PAGBIBIGAY POKUS**

- pansinin na
- tungkol sa
- bigyan pansin ang

**F. PAGKAKASUNOD-SUNOD NG PANGYAYARI**

- ang sumunod
- una
- ang katapusan

**G. PANANDANG NAGHUHUDYAT NG PANANAW NG MAY AKDA**

- kung ako ang tatanungin
- sa aking palagay
- sa tingin ko
- kaya lamang

**References and Supplementary Materials**

**Books and Journals**

Pacay, Wilmor L III (2016), Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang tekto tungo sa Pananaliksik, JFS Publishing Services, Inc.
Tanawan-Sunga Dolores, et,.al(2013) Lundayan: Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, Olympia Publishing House Taytay, Rizal Talegon, Vivencio M. Jr., et., al (2016) Daloy ng Wika: komunikayon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Brilliant Creations, Bonanza Plaza 2, Block 1 lot 6 hilltop Sudivision Novaliches Quezon City

**Online Supplementary Reading Materials**

https://kapitolyohs.files.wordpress.com/2011/09/modyul-9.pdf Retrieved November 18, 2016 https://gurosafilipino.blogspot.com/2010/07/aralin-4-gamit-ngpanandang-diskurso.html Retrieved November 18, 2016
https://teksbok,blogspot.com/2013/01/iba't-ibang-uri-ng-teksto.html Retrived November 20,2016